www.aiche.org/ccps

Process Safety Beacon

http://www.aiche.org/CCPS/Publications/Beacon/index.aspx

Mga mensahe para sa mga tauhan ng Pabrika


Inisponsor ang isyu na ito ng ioMosaic


www.iomosaic.com

# Nakababahala na ba ang iyong mga alarma?

**Oktubre 2017**




Alam mo ba ang kuwento ni Aesop na "Ang Batang Lalaki Na Sumigaw Ng Lobo"? Isang batang lalaking pastol ay paulit-ulit na nilalansi ang mga taganayon sa pamamagitan ng paghingi ng tulong dahil sa inaatake ng isang lobo ang mga tupa, na wala namang totoong lobo. Matapos ang ilang panahon, binabalewala ng mga tagabaryo ang batang lalaki. Isang araw mayroon talagang isang lobo (1). Nang sumigaw ang bata para humingi ng tulong, inakala ng lahat na ito ay isa na namang maling alarma. Walang dumating, at ang lobo ay nananghalian ng tupa. Sa ilang mga salin sa Ingles na pabula mula sa ika-15 siglo, kinain din ng lobo ang batang lalaki - marahil ay angkop na pagkakatulad sa mga potensyal na kahihinatnan ng pagwawalang-bahala ng mga alarma sa mga industriya ng proseso!

Mayroon ka bang mga alarma sa iyong planta na hindi maasahan, madalas na nagbibigay ng "maling alarma" dahil sa sira na mga instrumento o dahil sila ay nakatakda na masyadong malapit sa normal na kondisyon ng operasyon? Mapapansin mo ba kung ang isa sa mga hindi mapagkakatiwalaang mga alarma na ito ay nagbibigay ng babala ng isang tunay, mahalagang paglihis na nangangailangan ng pagkilos? O, mayroon ka bang "istorbong mga alarma" na nagpapahiwatig ng mga maliliit na paglihis sa proseso na hindi nangangailangan ng anumang tugon? Kung nakakuha ka ng maraming mga ito, maaaring hindi mo mapansin ang isang "tunayl" na alarma!

Inimbestigahan ng US Chemical Safety Board (CSB) ang isang 2010 insidente sa isang planta sa West Virginia kung saan ang isang alarma ay hindi pinansin na nagreresulta sa pagpakawala ng kemikal sa isang proseso ng gusali (2 at 3). Pumutok and nalalagot na disko sa reaktor na naglalaman ng **methyl chloride**, isang nakakalason at nasusunog na gas, at nagpakawala ng **methyl chloride** sa isang linya singawan. Ang nalalagot na disko ay dinisenyo upang magbigay ng isang alarma kapag ito ay sumabog, at ang alarma na ito ay nagtrabaho. Gayunpaman, nagkaroon ng kasaysayan ng mga maling alarma, na nagpapahiwatig ng isang pagsabog sa disko subalit ito ay buo naman. Hindi alam ng mga operaytor na ang aparato ay na-upgrade, at ipinapalagay na ito ay isa na namang maling alarma. May linya ng alulod na may butas na humihingit, sa loob ng gusali ng proseso. Ang **methyl chloride** ay napalaya sa pamamagitan ng butas sa isang lugar ng gusali ng proseso kung saan ang mga tao ay hindi madalas na naroroon. Ang pagpakawala ay nagpatuloy sa loob ng 5 araw bago ang isang detektor ng gas na dinisenyo para sa ibang kemikal ay na-trigger. Tinataya na mahigit sa 2000 pounds (900 kg) ng **methyl chloride** ang naipalabas.

## Ano ang kaya mong gawin?

- Huwag balewalain ang mga alarma sa kaligtasan. Ang mga alarma sa kaligtasan ay dapat magkaroon ng mga tiyak na pamamaraan ng pagtugon, at dapat mong palaging sundin ang mga pamamaraan na ito. Tiyaking nauunawaan mo ang mga pamamaraan ng pagtugon at sinanay sa mga ito.
- Kung mayroon kang istorbong mga alarma, lalo na mga alarma sa kaligtasan, na "magsasatsat" o manatili sa kondisyon ng alarma, iulat ang problema sa iyong instrumento at mga inhinyero ng automation at pamamahala at magtrabaho kasama ang mga ito upang ayusin ang problema.
- Kung mayroon kang mga alarma na hindi nangangailangan ng tugon, makipagtulungan sa iyong mga inhinyero at pamamahala upang maalis ang mga ito. Huwag baguhin ang mga hanay ng alarma maliban kung pinahintulutan.
- Tiyakin na ang anumang mga pagbabago sa disenyo ng alarma at kagamitan, mga hanay ng alarma, o mga pamamaraan ng pagtugon sa alarma, ay lubusang nasuri gamit ang pamamahala ng iyong planta ng pagbabago ng pamamaraan. Kasama dito ang pagpapaalam sa lahat ng apektadong tao tungkol sa pagbabago, at pagsasanay sa anumang nabagong pamamaraan na nagreresulta mula sa pagbabago.

***Huwag balewalain ang mga alarma sa kaligtasan - maaaring talagang mayroong isang "lobo"!***

©AIChE 2017. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Pagpaparami na hindi komersyal, layuning pang-edukasyon ay hinihikayat. Gayunpaman, ang pagpaparami pang komersyal na walang nakasulat na pahintulot galing AIChE ay mahigpit na ipinagbabawal. Makipagugnayan sa amin sa ccps_beacon@aiche.org or 646-495-1371.

**Ang Beacon ay karaniwang handa o nakalimbag sa Aleman, Aprikaans, Arabe, Danish, Espanyol, Filipino, Griyego, Gujarati, Hebrew, Hindi, Italyano, Hapon, Ingles, Katalan, Koreano, Malay, Marathi, Norwegian, Olandes, Persyano, Polish, Portuges, Pranses, Rumano, Ruso, Suweko, Telugu, Thai, Tsek, Tsino, Turko, and Vietnamese.**